# MOOREBANK LOGISTICS PARK

SIMTA | SYDNEY INTERMODAL TERMINAL ALLIANCE



Filipino

**Ang Moorebank Logistics Park ay siyang pinakamahalagang pang-industriya at intermodal na lugar sa Australya. Ang kalaki at kapasidad ng lugar ay nauna sa Australya at magpapabago sa ugnayan sa panustos (supply chain) ng bansa, nag-aalis ng mga sampung-libong mga trak sa daan at nagpapababa ng mga gastos ng mga negosyo at namimili sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas epektibo at napapanatiling pagpoproseso at paghahatid ng mga bagay.**

**Ang LOGOS ay siyang nagpatayo sa lugar, responsable sa pagpapagawa at pagpapaandar ng mga bodegang pang-industriya. Nakikipaggawa nang malapitan ang LOGOS sa Qube, na siya namang nagmamay-ari at nagpapatakbo sa Import Export (IMEX) Rail Terminal at gumagawa ng Interstate Rail Terminal, at ang National Intermodal Corporation, isang buong pagmamay-ari ng pamahalaang Australya na binuo upang masuportahan ang pagkakaroon ng mga state-of- the-art intermodal (pinagsamang ibat-ibang uri ng transportasyon).**

# SETYEMBRE 2022, UPDATE SA KONSTRUKSYON

Kahit na may mga napakalakas na pag-ulan, sa mga unang araw ng Hulyo, ang mga mahalagang pag-uunlad ay patuloy nangyayari sa buong lugar. Kasama sa mga pangunahing aktibidad sa lugar sa pagitan ng Hulyo at Setyembre ang:

## Paggawa ng mga Bodega (Warehouse)

May matatag na pagsulong ay patuloy na nangyayari sa Woolworths Distribution Centres, na may pokus sa paglagay ng mga kagamitan sa loob ng National Distribution Centre at pagpapatayo ng bakal na istraktura para sa Regional Distribution Centre.

Sa Moorebank Precinct East (MPE), ginagawa na ang mga paghahanda para sa konstruksyon ng mga bagong bodega sa may timog-silangang kanto ng MPE. Ang LOGOS ay nagagalak sa pakikipagsosyohan sa Mainfreight, isang taga-pagbigay ng mga logistik, na gagawa ta magpaparenta ng bahagi ng lugar.

## Mga Pagpapaganda sa mga Daan

Para sa pangsuport ng inaasahang pagdami ng daraang mga trapiko at gargamento sa palibot ng lugar, may mga mahahalagang ginagawang pagpapaganda sa mga daan. Kabilang dito:

- pagpapaganda sa krosing ng Moorebank Avenue at Anzac Road – ang mga paunang gawain, kabilang ang mga pagpapaayos sa mga kagamitan, daluyan ng ulan at paggawa sa lupa ay kasalukuyan nang inaasikaso.
- ang pagpapalit ng linya sa Moorebank Avenue – ay pinamamahalaan ng National Intermodal at ang konstruksyon ay inaasahang magsisimula sa ikalawang kalahati ng 2023.

## Imprastraktura

Sa mga ibang ginagawa sa paligid ng lugar, konstruksyon ng isang 1.6 kilometrong noise wall sa gilid ng Western Ring Road ay magsisimula sa mga darating na buwan. Ang noise wall ay makakatulong sa pagbawas ng ingay mula sa lugar para sa kapakanan ng mga nakatira sa Casula.

## Interstate Intermodal Rail Terminal

Ang mga naunang paggawa sa Interstate Intermodal Rail Terminal ay nagsimula noong Disyembre 2021 sa pamamagitan ng paggawa ng mga imprastraktura sa daluyan ng tubig ulan (stormwater).

Ang kontrata sa mga pinakamalaking trabaho ay ibinigay sa Martinus Rail na nagsimulang gumawa sa lugar noong Hunyo 2022. Ang grupo ay kasalukuyang bumibili ng mga bagay na may mga mahabang oras ng pagtustos, tinatapos ang stormwater drainage network at inihahanda ang mga gawain sa lupa.

Kapag nakumpleto na, ang terminal ay magpapalakas sa katatagan ng ugnayan sa pagtustos ng mga estado at mag-aalis sa mga libo-libong pangkargamentong trak mula sa mga daan araw-araw.

## Mga Lugar ng Biobanking Conservation

Sinimulan na ring ginagawa ang pangkapaligiran na trabaho sa mga itinalagang biobanking conservation area sa paligid ng distrito (precinct). Mahalaga ang magiging papel ng mga lugar na ito sa pagkakamentena ng mga pinapahalagahang pangkapaligiran (ecological) sa rehiyon at nagbibigay ng mga tirahan ng ibat-ibang uri ng mga halaman at hayop. Ang Eco Logical Australia ay gumagawa ng mga ito sa ngalan ng National Intermodal.

## Ang Pagpapalakas ng Power Supply sa Junction at Anzac Road

Maraming Salamat sa mga nagbigay ng mga puna at komento sa Review of Environmental Factors (REF) tungkol sa pagpapalakas ng daloy ng kuryente sa Junction at Anzac Roads. Pinag-aaralan ng pangkat sa proyekto ang mga ibinigay na mungkahi at naghahanda ng Response sa Submissions Report. Kapag natapos na, itong ulat ay maaaring makita ng publiko at ang mga karagdagang pagbabago ay ibabalita sa komunidad at mga stakeholders.

## ANG MGA PANGUNAHING AKTIBIDAD SA KONSTRUKSYON NA INAASAHANG MAKITA SA 3 BUWAN

| Aktibidad (maaaring magbago) | Setyembre | Oktubre | Nobyembre |
|---|---|---|---|
| Paglipat ng mga pangkagamitang serbisyo (utilities) sa Moorebank Ave, Anzac Road at Bapaume Road* | ● | ● | ● |
| Helicopter lift | ● | | ●* |
| Itatayo ang steelwork para sa Warehouses 6 & 7 sa Moorebank Precinct East | | ● | ● |
| Mga gawain sa lupa para pansuporta sa susunod na yugto ng konstruksyon ng warehouse at pag-uunlad ng Moorebank Precinct West | ● | ● | ● |
| Paglagay ng noise wall (pambawas sa ingay) sa tagiliran ng Western Ring Road | ● | ● | ● |
| Patuloy na konstruksyon ng Woolworths Distribution Centres | ● | ● | ● |
| Mga gawain sa lupa at paglagay sa mga kagamitan (utilities) para pansuporta sa konstruksyon ng Interstate Intermodal Rail Terminal | ● | ● | ● |
| Pamamahala ng kapaligiran sa mga lugar na may biodiversity | ● | ● | ● |

*Labas ng mga karaniwang oras ng konstruksyon

## ANG MGA ORAS NG PAGPAPAANDAR AT KONSTRAKSYON

Ang mga aprobadong oras ng pagpapaandar ng Intermodal Facility (kasama ang IMEX Terminal at Warehousing) ay 24 oras bawat araw, 7 araw kada linggo.

Ang mga aprobadong oras* ng trabaho sa konstruksyon ay:

**Moorebank Precinct West**

- Lunes hanggang Biyernes: 7nu – 6nh
- Sabado: 8nu hanggang 1nh

**Moorebank Precinct East 2**

- Lunes hanggang Biyernes: 7nu – 6nh
- Sabado: 7nu hanggang 1nh

*Anumang mga nakaplanong paggawa sa labas nitong mga oras ay may paunang pasabi sa pamamagitan ng website ng SIMTA o sa letterbox drop.



## ANG BAGONG IMAHE KAPAG PUMAPASOK SA MOOREBANK LOGISTICS PARK

Isang nakapana-panabik na itsura ng Moorebank Logistics Park, kasama na ang mga paskil at marka, ay sisimulan sa buong lugar. Itong bagong marka ay gagamitin sa mga bagong edisyon ng newsletter.

## PAGKOKONTAK

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bumisita sa aming website: **www.simta.com.au**

Upang makipag-ugnayan, humingi ng impormasyon o magreklamo:

**Sumulat sa:**
Level 15, 207 Kent Street, Sydney, NSW, 2000

**Tumawag sa:**
1800 986 465

**Mag-email sa:**
moorebank@tsamgt.com